A ANG ILAW NG SANLIBUTAN.

- ❖ Dumating si Jesus sa mundong ito upang alisin ang kadiliman sa pamamagitan ng liwanag ng kaligtasan (Juan 1:4-5; 3:19-21).
- ❖ Hinikayat Niya tayong sundin ang Kanyang dalawang halimbawa (Mateo 5:13-14):
  - — **Maging asin**. Kailangang maihalo ang asin sa pagkain upang magkabisa at pasarapin ito. Dapat nasa sanlibutan tayo upang himok ito ng Ebanghelyo (Juan 17:15-18).
  - — **Maging ilaw**. Kailangang lumiwanag ang ilaw sa kadiliman sa mga kalapit-bahay, bayan, syudad, na nililiwanagan sila ng kaluwalhatian ng Dios (Filipos 2:15).

B MABUTING PAKIKITUNGO.

- ❖ Nakita ni Jesus ang mga mabuting katangian ng iba at tinukoy iyon (Mateo 8:10; Marcos 12:34).
- ❖ Napakamaawain ni Jesus na maingat Siya upang hindi makasugat ng di kailangan sa sinumang kakalapit lang sa pananampalataya o pawiin ang maliit ng baga ng pananampalataya sa kanilang mga puso (Isaias 42:3).
- ❖ Dapat makita natin ang mabuti sa mga nasa palibot natin at ipaalam sa kanila na pinapahalagahan natin sila. Sa ganitong paraan ay magiging positibong impluwensya tayo sa kanilang buhay.

C PAGBIGAY NG KANILANG KAILANGAN.

- ❖ Inalam ni Jesus ang mga kailangan ng iba at pinagaling sila sa pisikal, mental, emosyonal, at espiritwal.
- ❖ Nilutas Niya ang kanilang mga problema at inanyayahan silang hanapin ang buhay na walanghanggan: “ang iyong mga kasalanan ay ipinatatawad na”; “pinagaling ka ng iyong pananampalataya”; “mula ngayo'y huwag ka nang magkasala.” (Mateo 9:2; Lucas 8:48; Juan 8:11)
- ❖ Dapat nating alalahanin ang pangangailangan ng iba at subukang tugunan ito kung kaya natin.
- ❖ Kung matugunan natin ang mga kailangan nila, nagbubukas din tayo ng pinto upang ipakita sa kanila kung paano matugunan ang pinakakailangan ng lahat (kahit hindi nila ito alam): Kalayaan mula sa kasalanan, at buhay na walang hanggan; iyon ay, si Jesus.

D ANG PINAKAMAHALAGANG BAGAY.

- ❖ Ang paglilingkod ni Jesus ay nakabase sa tatlong haligi:
  - — *Pagtuturo*. Pagtuturo ng katotothanan ng Kaharian sa maliliit na grupo.
  - — *Pangangaral*. Sabihin sa mga tao ang tungkol sap ag-ibig ng Dios at ang Kanyang plano ng pagtubos.
  - — *Panggagamot*. Palayain ang mga tao sa kanilang pansamantalang problema sa kalusugan.
- ❖ Alin sa mga haliging ito ang mas mahalaga kay Jesus? (Marcos 1:38)
- ❖ Naparito Siya sa mundo “upang hanapin at iligtas ang nawaglit.” (Lucas 19:10). Kaya, ang pangangaral tungkol sa kaligtasan at pagtuturo sa ibang gawin iyon ay napakahalaga.
- ❖ Maliban doon, bawat pagpapagaling ay pagkakataon upang ipahayag ang karakter ng Dios at mag-alok ng buhay na walang hanggan.

E ANG MAHALAGA KAY JESUS.

- ❖ Ginamit ng Dios ang mga propeta upang magsalita tungkol sa hindi mapagaling na sakit ng mga sangkatauhan: kasalanan (Isaias 1:5; Jeremias 30:12).
- ❖ Sabik si Jesus na makita ang bawat isa na gumaling sa kasalanang iyon, at upang makita ang mga napagaling na nagdadala din ng kagalingan sa iba.
- ❖ Sa huling talinhaga sa Mateo 25, ipinaliwanag Niya ang katangian ng tunay na mga Kristyano. Iyong mga nabubuhay upang maglingkod sa iba sa halip na mamuhay ng makasariling buhay ay tatanggapin Niya..